



B Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence](#)

2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

2-3 Ilegal na pananatili (overstay)

Kapag lumampas nang kahit isang araw sa takdang panahong pinagkaloob ng visa, ito ay magiging kaso bilang ilegal na pananatili sang-ayon sa batas at hindi papayagang makapasok sa Japan ng nakatakdang panahon. Ang sumusunod ang magiging proseso para sa pagpapauwi ng mga taong nahuling nag-overstay.

Karaniwang paraan ng pag-uwi	Kapag nag-overstay ng bahagyang panahon dahil sa di maiwasang pangyayari tulad ng sakit, isagawa ang proseso para sa renewal ng tagal ng pananatili at kapag pinahintulutan, maaari makauwi sa karaniwang paraan kaya tumungo agad sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar.
Pag-uwi ayon sa isang departure order	Ang mga ilegal na natili sa Japan ay hindi huhulihin at mapapahintulutang maka-uwi sa kanyang bansa sa mabilis na paraan kung ito ay susunod sa mga ilang patakaran. (1) Ang sumuko kaagad sa Immigration Bureau ng kanilang lugar at buo ang nais na lumabas ng Japan. (2) Ang hindi sapilitan ipinaalis sa bansang Hapon sa dahilan maliban sa pagpanatili na lampas sa pahintulot na panahong ibinigay. (3) Ang mga walang kasong krimen at walang sentensya mula sa batas. (4) Ang hindi pa nakatanggap kahit kalian ng utos upang lumabas ng Japan o puwersahang pagpapa-uwi sa bansa. (5) Ang nakakasiguradong kaagad-agad makakalabas ng Japan.
Sistema ng deportasyon	Ang mga nahuli ay ikukulong. Pagkatapos ay ipapasa sa Immigration Bureau ng kanilang lugar upang asikasuhin ang mga papeles sa puwersahang pagpapa-uwi ngunit sa ibang pagkakatapon ang mga nahuli ay maari ding humarap ng kaso. Ang mga ipinatapon o puwersahang pinauwi ay hindi maaring makapasok o makabalik sa Japan ng 5 taon. Ang mga napatapon na sa nakaraan naman ay hindi maaring makabalik sa Japan sa loob ng 10 taon o habang buhay. * Pagpapahintulot sa patuloy na pamamalagi sa Japan: Ang mga taong puwersahang ipinapa-uwi ay maari ding pagkalooban ng pahintulot upang patuloy na makapamalagi sa Japan ng Miniters of Justice matapos suruin ang rason ng pananatili sa Japan. Ang nagdedesisyon ukol dito ay ang Minister of Justice. Ang napagkalooban ng ganitong pahintulot ay bibigyan ng status of residence at upang patuloy na makapanatili sa Japan.